Setyembre 3, 2021

Bawat Elementarya at Sekondarya ng Kani
Magulang/Tagapag-alaga

Lungsod ng Kani Lupon ng Edukasyon

# Mga Tugon sa Pag-iwas ng Impeksyon sa Paaralan

新型コロナウィルス感染症拡大防止のための対応について（お願い）

**Nais namin ipaalam sa inyo sa pagbabago (may salungguhit) at mga mahalagang impormasyon tungkol sa pag-iwas ng impeksyon tulad ng mga sumusunod.**

## HAKBANG SA PAARALAN

### 1. Pagmonitor ng kalusugan gamit ang health check card

(1) Pagmonitor ng kalusugan

①Mag-sukat ng lagnat, i-check ang kondisyon ng kalusugan at sulatan ang card.
②Pirmahan (o gumamit ng seal) ang card bago ipadala sa inyong anak sa paaralan.
③**Dinagdag sa health check card ang "diarrhea at iba pang sintomas sa gastrointestinal (hindi pangkaraniwang sintomas) " mula Setyembre. (※isulat sa card kung nagkaroon ng sintomas).**

(2) Pagsumite ng card pagkatapos ng bakasyon

①Patuly ang sukatin ang lagnat at i-check ang kondisyon kalusgan kahit Sabado, Linggo o holiday.
②Ipaalala sa inyong anak na isumite ang card sa paaralan sa Lunes o pagkatapos ng bakasyon.

### 2. Kung nagkaroon ng sintomas

(1) Kung nilagnat o nagkaroon ng sintomas na inilarawan sa health check card habang nasa paaralan

⇒①Sunduin ang bata.
②Sunduin din ang mga kapatid ng bata.
Sa kasong may kapatid na nag-aaral sa ibang paaralan tulad ng elementarya, sekondarya at iba pa, tawagan ang paaralan para sunduin.
③Sunduin ang bata (pati mga kapatid) at dalhin sa ospital/clinic.

(2) Kung nag-absent ang bata sa paaralan dahil may sintomas

①Manatili sa bahay pati na rin ang mga kapatid. (isaalang-alang ito bilang suspension sa attendace)
②Maaari ng pumasok ang mga kapatid mula sa araw pagkatapos lumipas ang sintomas ng bata.
★Ang bata ay kailangan manatili sa bahay hanggang sa tiyak na panahon (inerekomenda na 2～3 araw) pagkatapos mawala ang sintomas. Ngunit, mahalagang sundin ang payo ng doktor.

| Paalala: (1) at (2) na nakasaad sa itaas<br>Kung diagnose ng doktor ay malinaw na"Nilagnat dahil sa kronikong sakit", hindi kailangan manatili sa bahay. |
|---|

### 3. PCR test ng bata

(1) Kailangan manatili sa bahay hanggang lumabas ang resulta. Ngunit, ang panahon ng "manatili sa bahay" ay maaaring magkakaiba depende sa kadahilan ng pagsusuri "upang masigurado" o "close-contact". Sa kasong ito, sumunod sa utos ng public health center.

(2) Kung ang bata ay na-close contact sa miyembro ng pamilya (kasama sa bahay) na tumanggap ng PCR test dahil sa "upang masigurado" o "close contact", kailangan manatili sa bahay hanggang lumabas ang resulta.